Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 30 NG AGOSTO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. .................................... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez .................................... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison .................................... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon .................................... | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas .................................... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca .................................... | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan .......................... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco .................................... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor .................................... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO .................................... | Pang. Punong Bayan<br>Nasa lakad opisyal |
| Kgg. Florencio C. Odejar .................................... | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 296-T'2000*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 55-T'2000/KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 03-T'2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BUBUKAL NA ITINUTUGMA ANG HALAGANG DALAWANG LIBONG PISO (P2,000.00) NA NAKALAAN SA SEMINAR / PAGSASANAY UPANG IPAMBAYAD SA TAUNANG BUTAW PARA SA LIGA NG MGA BARANGAY.*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 55-'2000/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T'2000 ng Sangguning Barangay ng Bubukal na naglalayong makapagtugma ng pondo ng naturang barangay, ayon sa isinasaad sa itaas nito;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison at Angelito U. Limjuco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 55-T'2000/Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T'2000 ng Sangguniang Barangay ng Bubukal na itinutugma ang halagang P2,000.00 na nakalaan sa seminar/pagsasanay upang ipambayad sa taunang butaw para sa Liga ng mga Barangay.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Manananggol, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan